Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-18 NG NOBYEMBRE, 2019 SA GANAP NA IKA-09:43 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | ---------------- | *Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------------- | Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT C. RANA | ---------------- | Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ---------------- | Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ---------------- | Pangulo-LNB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ---------------- | Pangulo-SKF |

## KAPASIYAHAN BLG. 67(B) T. 2019

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA (DEPARTMENT OF AGRICULTURE) SECRETARY WILLIAM DOLLENTE DAR SA PAMAMAGITAN NI REGION IV-A CALABARZON REGIONAL EXECUTIVE DIRECTOR ARNEL V. DE MESA, NG DALAWANG (2) UNIT NG RICE TRANSPLANTER UPANG MAIPAMAHAGI AT MAGAMIT NG MGA KOOPERATIBA AT AKREDITONG ORGANISASYON NG MGA MAGSASAKA SA BAYAN NG LUMBAN**

**Akda ni KGG. IRENEO R. BALDOVINO**

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pagsasaka Region IV-A CALABARZON ay naglunsad ng *"Rice Program"* na naglalayon na pagsamahin ang mga inisyatibo at interbensyon ng pamahalaan sa pagsasaka ng palay at iba pa gaya ng: *food security and sufficiency, support services from farm to table, sustainable resource management, and broad-based local partnerships* na makakamit sa pamamagitan ng iba't ibang serbisyo gaya ng ***production support***, *irrigation development*, mga *infrastructure and post-harvest development, research and development, regulatory services, extension support and training services*;

**SAPAGKAT**, isa pa rin sa programa ng Kagawaran ang Rice Mechanization Program na naglalayong gawing mas mabilis at mas produktibo ang pagtatanim ng palay sa bansa sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong kagamitan gaya ng rice transplanter at iba pa;

**SAPAGKAT**, ang pagkakaloob ng ayuda sa mga magsasaka gaya ng rice transplanter ay makatutulong ng malaki upang maging mabilis ang pagtatanim ng palay kung saan malaking bahagi ng kanilang kapital ay matitipid sapagkat hindi na kakailanganin na umupa ng mga taong magtatanim;

**SAPAGKAT**, ang hangarin na ito ay magkakaroon ng katuparan sa pamamagitan ng pakikipagbalikatan sa Kagawaran ng Pagsasaka na siyang may kakayahan na tumulong sa mga IRA dependent municipality gaya ng Bayan ng Lumban upang tugunan ang pangangailangan ng mga magsasaka ng palay sa kanayunan;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan nina Kgg. Rose Ann R. Añonuevo, Kgg. Geronimo P. Samonte, Kgg. John Albert Rana at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo ay;

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay **IPINAPASIYA**, na mapitagang hilingin sa Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka (Department of Agriculture) Secretary William Dollente Dar sa pamamagitan ni Region IV-A CALABARZON Regional Executive Director Arnel V. de Mesa, ng dalawang (2) unit ng rice transplanter upang maipamahagi at magamit ng mga kooperatiba at akreditong organisasyon ng mga magsasaka sa Bayan ng Lumban;

**IPINASIYA PA RIN,** na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng Kagawaran ng Pagsasaka Region IV-A CALABARZON na pinamumunuan ni Director Arnel V. de Mesa at sa mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at wastong hakbang.

**PINAGTIBAY**, ngayong ika-18 ng Nobyembre, 2019.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt111819res67B*